# Magsisimula ang pagpaparehistro para sa Tagalog Civic Orientation sa June 29, 2026

Magsisimula sa Autumn ng 2026 ang mga bagong grupo ng multilingual civicorientation sa Hämeenlinna. Bukas ang pagpaparehistro mula **29.6.–19.8.2026**.

Kamakailan ka lang ba lumipat sa Finland? O matagal ka nang nakatira dito ngunit kailangan mo pa rin ng karagdagang impormasyon tungkol sa lipunan, mga serbisyo, at pang-araw-araw na pamumuhay?

Sa civic orientation, makakakuha ka ng impormasyon tungkol sa pamumuhay sa Finland at mas makikilala mo rin ang Hämeenlinna. Matututuhan mo, halimbawa, kung paano gumagana ang lipunang Finnish at ang mga serbisyo, pati na rin ang iyong mga karapatan at responsibilidad.

Libre ang kurso. Hangga't maaari, isasagawa ito sa iyong sariling wika o sa ibang wikang naiintindihan mo nang mabuti.

## Susunod na kurso

Ang susunod grupo ng civic orientation ay gaganapin mula **7.9.–11.12.2026**.

Pagkatapos ng registration, ang ilang aplikante ay iimbitahan sa isang maikling selection interview. Makakatanggap ka ng imbitasyon sa email kung mapipili kang dumalo sa interview.

Kung mapipili kang sumali sa kurso, ipapaalam sa iyo ng trainer ang eksaktong mga araw at oras ng pag-aaral.

**Magparehistro para sa kurso dito: Tagalog Civic Orientation**

Tandaang magparehistro bago ang **19.8.2026**.

**Para sa karagdagang impormasyon**

**Jerame Lyn Tuano**
Wika: Tagalog
jerame.tuano@hameenlinna.fi
040 778 6247